

Siguraduhing magsumite ng abiso ng paglipat ng tirahan...

Sa paglipat ng tirahan, kailangan magsumite ng abiso ng pag-alis at paglipat sa bagong tirahan

Sa pagbabago ng Immigration Control Act noong isang taon, ang proseso ng pagpalit ng tirahan ay nabago din. Tatalakayin natin ang tungkol dito para maiwasan ang magkaproblema

Siguraduhing magbigay ng abiso sa pagbago ng tirahan para makatanggap ng impormasyon mula sa munisipyo

Sa pagbabago ng Immigration Control Act, may ilang batas sa mga proseso para sa mga dayuhang residente ang nabago. Isa sa mga nabago ay ang pagsumite ng abiso ng pag-alis at paglipat ng tirahan. Ito ay mahalaga at hindi dapat ipagwalangbahala dahil maaring maging dahilan ng pagkawala ng bisa ng inyong visa status ayon sa bagong batas. Kung kayo ay lilipat ng tirahan kailangang magsadya sa munisipyo para sa abiso sa loob ng 2 linggo matapos lumipat. Sakaling hindi pa ito ginagawa, magsadya lamang sa munisipyo at magbigay na ng abiso.

Sa kaso ng diborsyo o pagpapalit ng trabaho kailangang magsadya sa tanggapan ng imigrasyon. Subalit sa paglilipat ng tirahan, ang proseso ay sa city hall o munisipyo. Ito ay walang bayad. Sa dating batas kapag lumipat ang isang dayuhang residente, kailangan lamang na magsumite ng abiso sa munisipyo ng bagong tirahan. Subalit nagkaroon na ng pagbabago simula



noong nakaraang taon. Una, kailangang pumunta sa tanggapan ng munisipyo ng dating bayan at kunin ang moving-out certificate. Dalhin ang sertipiko sa munisipyo ng nilipatang bayan at sabihin na doon na maninirahan. Ang dalawang proseso na ito ay karaniwang ginagawa ng mga lokal na mamamayan simula noon pa man.

Sakaling lilipat sa loob lamang ng siyudad, kailangang magbigay lang ng abiso ng paglipat sa bagong tirahan at wala ng abiso ng pag-alis at wala ding binibigay na sertipiko.

Sa pagbago ng batas ng Imigrasyon ng nakaraang taon, ang mga munisipalidad ay nagpadala ng sulat sa mga dayuhang residente ukol sa pagbabago sa batas na ito. Subalit, 15% ng abiso sa Yokohama at 29% sa Shinjuku, Tokyo, ang bumalik dahil sa hindi matagpuan ang nakapangalan sa address na nakalagay. Ang 2 perpekturang ito ang may pinakamaraming dayuhang residente, kaya't ang porsiyento ng bumalik na sulat ay malaki rin kumpara sa ibang bayan. Malinaw na pinapakita ng datos na ito na sadyang marami ang hindi nagbibigay ng abiso sa paglipat ng tirahan. Sa hindi pagsumite ng abiso, may mga importanteng ulat mula sa munisipyo ang maaaring hindi matanggap. At maari ding magkaroon ng hindi magandang epekto sa inyong visa status. Gayundin, sa paglilipat, kailangan ding magbigay ng abiso sa tanggapan ng tubig, kuryente, gas at telepono at post office.

Pag-uulat ni Miho Fujibayashi, administrative scrivener

Mga dayuhang residente ay tatanggap din ng resident register code

Ang mga dayuhang residente ay maaari nang gumamit ng sistema ng Basic Resident Register network simula Hulyo. Itabi ang resident register code na natanggap ninyo mula sa munisipyo. Maari na kayong makagamit ng mga serbisyo na ibinibigay kagaya ng :

★ Makakakuha kayo ng Basic resident registration card , (juki card) kagaya ng nasa kanan . Nakalagay sa IC card ang nakatala sa inyong resident card. Kung may litrato ang card, maari din itong magamit na ID card.

★ Sa ibang mga city hall ay maaring hindi na kailangang gawan pa ng kopya ang inyong resident card.

★ Pag sumite ng paglilipat ng tirahan ay magiging mas madali kung mayroon kayo ng juki card (resident card).

★ Dahil sa nilalamang digital certificate ng resident card (juki-card) ay madali kayong makakuha ng kopya ng mga sertipikasyong inyong ninanais sa pamamagitan ng internet.

* Para sa detalye, magtanong o magsadya lamang sa inyong munisipyo o city hall.



Pagtitipon ng mga ina : pag-uusap tungkol sa pagpapalaki ng bata

Inaanyayahan ang mga dayuhang residente sa isang pagtitipon ng mga nanay para maibahagi ang kanilang kaalaman sa pagpapalaki ng mga anak, bonding sa kapwa nanay. Halina't makisaya!

★ Paksa: Mga karaniwang alalahanin sa pagpapalaki at pag-aaruga ng anak

★ Sino: Mga ina na dayuhang residente at kanilang anak, edad mula 0 ~ 18 taon

★ Saan: Fujimino International Cultural Exchange Center (Tingnan ang mapa sa dulo)

★ Kailan: Kada ika-2 at ika-4 na Lunes 10:00~12:00 a.m

★ Tel: 080-3391-8029

★ Makipag-ugnayan: Mutsuyo Takahashi (Mental health welfare social worker , child instructor)



Gabay sa pagpasok sa high school para sa mga dayuhan.

Para sa mga papasok sa high school sumali tayo sa libreng pagbibigay ng payo at iba pang impormasyon.

★ Sept. 8 (Sun.) 13:00-16:00

Mizuhodai community center, Fujimi-shi

Tel. 090-2334-4678 (Matsuo)

★ Sept. 15 (Sun.) 13:30-16:30

Kamishiba Kouminkan, Fukaya-shi (3F of Ario, Fukaya)

Tel. 090-9131-8542 (Miguel)

★ Oct. 5 (Sat.) 13:30-16:30

Support group , Koshigaya-shi (5F of Twin city building B, West exit of Tobu Koshigaya station)

Tel. 090-7422-2002 (Ogawa)

★ Oct. 27 (Sun.) 13:30-16:30

Citizens partner station, Kawaguchi-shi (4F of Cupola main building M)

Tel. 048-227-7607

Magandang balita – Tanggapan ng Oi branch city office magbubukas na

Tanggapan ng Oi branch city office ay magbubukas mula Aug. 5. Magandang balita para sa mga nakatira sa west exit ng Kamifukuoka station.



Maliban sa tanggapan ng city hall, may multipurpose hall, “Yumeport” na maaaring gamitin sa mga meeting, palaruan at iba pa. Parang oasis para sa mga konsultasyon ng mga residente, at kung saan maaaring magtipon-tipon ang mga bata, maging mag-aaral sa high school. Maaari ding gamitin para sa pangkalusugan. Ang bagong pasilidad ay magandang karagdagan para sa mga pagtitipon at mga aktibidades.

www.ficcc.jp/living/

● Tingnan din ang Gabay sa pamumuhay sa Japan na nakasalin sa 6 na wika